
3

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5
## Kahalagahan ng Imprastraktura sa Kabuhayan ng mga Rehiyon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Kahalagahan ng Impraestraktura sa Kabuhayan ng mga Rehiyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Wenneziel G. Alonzo

**Editor:** Nina Z. Young, Pamela L. Edisane, Riva P. Palma

**Tagasuri:** Archie E. Año, Jean Christi B. Rivera, Edgardo D. Pamugas III, Jeysel F. Avanceña

**Tagaguhit:** Cris A. Aquino, Aiza Lou A. Bernaldez, Cherie Mae Caduyac, Eduardo, Jr. A. Eroy, Jules Bernard G. Guinita, Marvin P. Linogao, Edieson John C. Mag-aso, Sharon Marimon, Ryan R. Padillos, Nylle Ernand D. Silayan

**Tagalapat:** Alpha Amor G. Manglicmot, Patrick John P. Peresores

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Nelson C. Lopez, Janette G. Veloso, Cheerylyn A. Cometa, Analiza C. Almazan, Christopher P. Felipe, Danilo R. Dohinog, Liza Leonora D. Dacillo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5
## Kahalagahan ng Imprastraktura sa Kabuhayan ng mga Rehiyon

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang _Araling Panlipunan - Ikatlong Baitang  ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Kahalagahan ng Imprastraktura  sa Kabuhayan ng mga Lalawigan!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipuan-Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Kahalagahan ng Imprastraktura  sa Kabuhayan ng mga Lalawigan !

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |

| | |
|---|---|
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng  gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.

5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Ano-anong imprastraktura ang makikita at matatagpuan sa iyong rehiyon?

Ano ang kahalagahan nito sa kabuhayan ng lalawigan?

Ano ang kabutihang dulot nito sa kabuhayan?

Sa modyul na ito, inaasahang:

-natutukoy ang imprastraktura (mga daanan, palengke) ng mga lalawigan at naipaliliwanag ang kahalagahan (AP3EAP-IVd-7).

## Subukin

Panuto: Isulat ang TAMA kung wasto ang isinasaad ng pahayag at MALI kung hindi. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1. Sa pamamagitan ng mga sementadong daan napabibilis ang paghahatid ng mga produkto at ang serbisyo nito sa mga mamamayan.
2. Ang mga kongkretong pantalan o piyer ay nakatutulong upang maging daungan ng mga barko na nagdadala ng mga produkto galing sa karatig na lalawigan.
3. Napadadali ang pag-abot ng serbisyong pangkalusugan sa mga mamamayan dahil sa mga naipatatayong brgy. health center.

4. Lumago ang mga agrikultural na lugar at gumaganda ang mga ani dahil sa mga patubig o irigasyon.

5. Ang isinagawang pampublikong paaralan ay nagbibigay ng libreng edukasyon para sa lahat.

## Aralin 1 Kahalagahan ng Imprastruktura sa Kabuhayan ng mga Rehiyon

Malaki ang naitutulong ng mga kalsada, tulay , riles ng tren, paliparan, at daungan ng mga barko sa pagpapaunlad ng bansa. Ang mga estrukturang ito ay tinatawag na imprastraktura.

Kasalukuyang pinauunlad ng pamahalaan ang programang pang-imprastraktura kagaya ng pagsasaayos ng mga kalsada, pagbuo ng mga daluyan ng tubig o irigasyon, pagsasaayos ng mga riles ng tren, pagsasagawa ng kongkretong daungan ng barko o piyer, pagpapatayo ng mga gusaling pangkalusugan(brgy. health center at **provincial hospital**), pagsasaayos ng mga gusaling pang-edukasyon o pampaaralan, pagpapatayo ng mga **cell sites** at **towers** upang mabilis na maipararating ang daloy ng komunikasyon at malawakang paggamit ng **internet** at marami pang iba.

Ang iba't ibang imprastraktura sa lalawigan na patuloy ang sunod-sunod na pag-usbong ay nakatutulong sa pagbibigay ng trabaho sa mga mamamayan. Sa ganoong paraan, ay nababawasan ang bilang ng mga taong walang trabaho kung kaya't nagkakaroon ng mas maayos na buhay ang mga mamamayan.

## *Balikan*

Maaalala mo pa ba kung anong produktong pangkalakalan ang ginamit sa iyong lalawigan?

Kopyahin at kompletuhin ang **graphic organizer**. Gawin ito sa kuwaderno.




*Mga Tala para sa Guro*

Mahalagang unawain ang gagawing pagbabasa sa mga nilalaman ng modyul na ito upang mas mapadali at maging magaan ang mga nakalaang Gawain para sa bawat aralin. Mas mainam na sunding mabuti ang mga panuto bilang gabay sa paggamit nito at matiyak na makamit ang mga layunin sa pagkatuto.


## *Tuklasin*

Panuto: Tingnan ang bawat larawan sa ibaba. Alamin ang ngalan ng mga ito. Piliin ang tamang sagot sa loob kahon at sulat ito sa papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| karenderya | paliparan | kuryente | simbahan |
| irigasyon | paaralan | pamilihan | riles |
| sementadong daan | tulay | kuryente | dam |
| daungan ng barko | health center | communication tower | |

1. 


2. 


3. 


4. 

5.




MARK LEONELL ROCACORBA

6.



MAE RAYOS

7.



MALALAG PORT, DAVAO DEL SUR

8.



ziel18

9.



DWEN DE ASIS

10.




DAISY JEAN

# *Suriin*

Ang kaunlaran sa isang lalawigan ay ibinabatay sa mga nakikitang imprastrakturang naipatayo rito. Ito ay nagdudulot ng kongkretong epekto sa kabuhayan at pag-unlad ng isang lalawigan dahil ang kalakalan ng isang bayan at lalawigan ay napadadali. Ang paglalaan ng malaking pondo sa mga imprastraktura ay malaking tulong sa pagpapaunlad ng isang lalawigan.

Napadadali ang pagdadala ng mga produkto at ang serbisyo nito sa pamamagitan ng mga sementadong daan at tulay.

Ang irigasyon o patubig naman ay nagdudulot ng sapat na suplay ng tubig sa palayan at sakahan kaya siguradong magiging masagana ang ani.

Daungan ng mga barkong nagdadala ng produkto galing sa karatig lalawigan o bansa ang konretong pantalan o piyer.

Sa pamilihang bayan naman nabebenta at nabibili ang mga produkto para mataguyod ng kalakalan.

Napapalawak ang angking kakayahan at talento ng mga kabataan dahil sa libreng edukasyon ng mga pampublikong paaralan.

Ang mga naitayong brgy. health centers at hospital ang katuwang ng ahensya ng kalusugan sa pagpapaabot ng libreng serbisyo at gamot nang sa ganon mapangalagaan at mapanatili ang kalusugan ng bawat mamamayan.

Patuloy ang pag-usbong at pagpapalawak ng serbisyong pangkomunikasyon ng pamahalaan upang maging mas mabilis ang daloy ng komunikasyon. Ito'y dahil sa mga communication tower na naitayo sa mga lalawigan.

Ang mga programang imprastraktura ng pamahalaan ay mahalagang maalagaan dahil malaking tulong ito sa pangkabuhayan ng mga mamamayan at mapabibilis din nito ang daloy ng komunikasyon .

## Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Hanapin sa loob ng **word puzzle** ang mga imprastrakturang nakatutulong sa kabuhayan ng lalawigan. Isulat ang sagot sa papel.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | K | L | P | M | N | H | K | L | N | M | E | R | B | W |
| B | Y | O | P | I | P | L | S | S | D | F | H | T | I | R |
| G | G | H | T | U | L | A | Y | T | N | M | B | N | R | H |
| H | T | U | I | O | P | G | H | K | L | N | A | T | I | N |
| I | N | K | L | O | P | E | R | S | A | N | L | K | G | I |
| P | A | M | I | L | I | H | A | N | G | B | A | Y | A | N |
| O | V | B | N | A | Y | F | R | I | O | P | R | T | S | O |
| L | B | A | H | A | E | Y | U | O | P | E | R | A | Y | U |
| S | D | A | G | A | R | U | C | V | B | N | M | E | O | M |
| B | G | S | Y | T | I | O | P | S | D | F | H | J | N | T |
| N | H | T | P | L | K | L | W | E | R | T | Y | U | I | R |
| M | N | U | O | E | P | L | R | H | L | W | B | N | I | A |
| K | K | O | N | K | R | E | T | O | N | G | D | A | A | N |
| L | M | K | L | P | K | L | I | O | P | T | U | I | O | T |
| A | L | O | N | T | A | L | A | Y | O | P | T | U | P | W |

Gawain 2

Panuto: Iugnay ang Hanay A sa Hanay B. Piliin sa Hanay B ang epektong maidudulot sa kabuhayan ng larawan sa Hanay A Isulat ang titik ng tamang sagot sa papel.

Hanay A

1. 


2. 


Hanay B

a. nagtataguyod ang kalakalan at paghahatid ng serbisyo sa mga mamimili

b. napadadali ang pagdadala ng mga produkto at serbisyo

c. napatatagal ang pagpapaabot ng mga produkto

d. napadadali ang daloy ng komunikasyon gamit ang makabagong teknolohiya

e. napapangalagaan ang kalusugan ng mga mamamayan

3.


ziel18

4.


DAISY JEAN

5.


NEW KATIPUNAN
BARANGAY HEALTH STATION
BRGY. NEW KATIPUNAN MATANAO, DAVAO DEL SUR
DAISY JEAN

Gawain 3

Panuto: Buoin ang salita na inilalarawan sa bawat pahayag. Isulat ang sagot sa papel.

1. nakatutulong sa mabilis na pag-unlad

   i__pr__s__ra__t__r___

2. kinakailangan upang magkaroon ng masaganang ani

   ___r__ga__y__n

3. nakabibili at naibebenta ang iba't ibang uri ng produkto

   __ __m i __i h a __

4. nagsilbing daan ng mga sasakyan

   s __ __ e n __ a d __ n __ __ __ a n

5. ito'y daungan ng mga barkong nagdadala ng mga produkto galing sa ibang lugar

   p i __ __ r

Gawain 4

Panuto: Basahin ang bawat pahayag. Isulat ang **TAMA** kung ito ay nagpapahayag ng katotohanan **MALI** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa papel.

1. Ang imprastraktura ay mahalaga upang umunlad ang isang lalawigan o bansa.

2. Mahalaga ang pagsasagawa ng mga pampublikong Health Centers upang maitataguyod at mapaaabot ang serbisyo para sa kalusugan ng mamamayan.


3. Mas mapadadali ang pagpapaabot ng mga produkto at ang serbisyo nito sa pamilihang bayan sa pamamagitan ng lubak-lubak at sira-sirang daanan.

4. Hindi nakatutulong  ang mga piyer sa pag-aabot ng mga produkto galing sa karatig na lalawigan o bansa.

5. Matamlay ang palay at kaunti lang ang ani ng mga magsasaka dahil walang proyektong patubig ang naisagawa sa kanilang lugar.

Gawain 5:

Panuto: Kopyahin at kompletuhin ang **Flow Chart** sa papel.




Ang pagsasagawa ng mga pampublikong paaralan ay isa sa mahahalagang imprastrakturang naisagawa ng pamahalaan.

Mga gabay na tanong:

1. Ano ang kahalagahan nito para sa iyo?

2. Ano-ano ang possibleng epekto nito sa kabuhayan at kaunlaran ng isang lugar?

## *Isaisip*

Kompletuhin ang mga pangungusap sa ibaba.

Ang imprastraktura ay tumutukoy sa ________,__________,________,

_________ at ___________.

Mahalaga ito sa kabuyahan ng lalawigan dahil ______________.



## *Isagawa*

Panuto: Sa **coupon bond**, iguhit ang imprastrakturang makikita sa iyong lalawigan. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano – ano ang kahalagahan nito?
2. Paano kaya nakatutulong ito sa pag-unlad ng iyong lalawigan?

## Tayahin

Panuto: Tingnan at pag-aralan ang larawan sa ibaba. Punan ng sagot ang bawat patlang.

| Imprastraktura | Kahalagahan | Kabutihang dulot | Epekto sa lipunan |
|---|---|---|---|
|   | | | |
|   | | | |
|   | | | |

## Karagdagang Gawain

Panuto: Kumuha ng larawan ng mga imprastrakturang naitayo sa iyong lalawigan. Idikit ito sa kuwaderno. Sa ibaba ng larawan, sumulat ng dalawa hanggang tatlong pangungusap kung paano ito nakaaapekto sa kabuhayan ng iyong lugar.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. TAMA
2. TAMA
3. TAMA
4. TAMA
5. TAMA

**Tuklasin**

1. irigasyon
2. pamilihan
3. riles
4. tulay
5. sementadong daan
6. paliparan
7. daungan ng barko
8. paaralan
9. communication tower
10. health center

**Pagyamanin**

Gawain 1

1. tulay
2. irigasyon
3. piyer
4. pamilihang bayan
5. sementadong daan

Gawain 2

1. d
2. a
3. b
4. c
5. e

Gawain 3

1. imprastraktura
2. irigasyon
3. pamilihang bayan
4. sementadong daan
5. piyer

**Gawain 4**

1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. MALI
5. TAMA

**Tayahin**

1. C
2. D
3. D
4. C
5. A

# *Sanggunian*

Kagawaran ng Edukasyon, Mayo 2016, K to 12 Gabay Pangkurikulum Baitang 1-12, pp 81 ng 240

Revised Learner's Material in Araling Panlipunan 3, 2019-Unpublished, pp. 409-415

https://brainly.ph/question/292408#readmore

https://www.google.com.ph/search?tbm=isch&sa=1&ei=CNvpXeObH5CQr7wP7eecqAg&q=tree+clipart+black+and+white&oq=tre+clipart+black+and+white&gs_l=img.1.0.0i67j0i10l9.36157.36508..38523...1.0..1.1426.2639.3-2j0j1j0j1......0....1..gws-wiz-img.......0.X4CZB_M3R8w#imgrc=Tkq5NjTytDV2uM:

https://www.google.com.ph/search?q=irigasyon&tbm=isch&chips=q:irigasyon,online_chips:patubig&bih=600&biw=1252&hl=en&ved=2ahUKEwjP-fX_6aPqAhUQR5QKHQydCbsQ4lYoAHoECAEQFg

https://www.google.com.ph/search?q=broken+bridge&tbm=isch&ved=2ahUKEwiaw62G76PqAhUVMKYKHZ_UC7oQ2-cCegQIABAA&oq=broken+bridge&gs_lcp=CgNpbWcQAzIECAAQQzIECAAQQzIECAAQQzIECAAQQzIECAAQQzIECAAQQzIHCAAQsQMQQzIHCAAQsQMQQzIECAAQQzIECAAQQzoFCAAQsQM6AggAUPaPhAJYnrCEAmDZyIQCaABwAHgAgAHeA4gByQeSAQcyLTIuMC4xmAEAoAEBqgELZ3dzLXdpei1pbWc&sclient=img&ei=tTb4XtqUIJXgmAWfqa_QCw&hl=en

https://ph.theasianparent.com/kalusugan-ng-pamilya-sagot-ng-barangay

https://www.google.com.ph/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fceb.wikipedia.org%2Fwiki%2FTulay&psig=AOvVaw22ijI7DhXqL9kM3dm561Ss&ust=1593423119264000&source=images&cd=vfe&ved=2ahUKEwjQmaPpmaTqAhUC95QKHa2vCq0Qr4kDegUIARCIAQ

Brainly.ph - https://brainly.ph/question/292408#readmore

https://lrmds.deped.gov.ph/detail/15595

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph